



# Mga tanong para sa konsultasyong Pang-estrategiya sa Itinalagang Komunidad na Panlahi

## Ano ang nalalaman ninyo tungkol sa legal aid (tulong na legal)

1. Sa anong itinalagang komunidad na panlahi kayo kikilalanin?
2. Kung hindi kayo miyembro ng isang itinalagang komunidad na panlahi (racialized community) /taong may kulay, ano ang inyong interes sa konsultasyong Pang-estrategiya sa Itinalagang Komunidad na Panlahi ng Legal Aid Ontario (Racialized Communities Strategy consultation)?
3. Kung kayo ay may isang problemang legal, saan kayo pumupunta upang kumuha ng tulong?
4. Narinig ninyo na ba kailanman ang Legal Aid Ontario?
  - a. Kung sumagot kayo ng “oo” anong nalalaman ninyo tungkol sa mga serbisyo na ibinibigay at pinopondohan ng Legal Aid Ontario?
  - b. Madali bang makakuha ng mga serbisyo para sa tulong na legal?
5. Ano ang ilan sa mga bagay na maaaring gawin ng Legal Aid Ontario upang mas mabuting malaman ng mga tao kung paano kami makakatulong? (nang partikular sa loob ng inyong komunidad?)
6. Paano namin maipapaalam sa mga miyembro ng inyong komunidad kung paano kami makakatulong?

## Mga serbisyo ng Legal aid (Tulong na Legal) para sa mga itinalagang komunidad na panlahi

1. Naniniwala ba kayo na ang kalidad ng mga serbisyo na tinanggap ng mga kliyenteng may kulay ay kapantay sa kalidad ng serbisyo para sa mga puting kliyente? Bakit o bakit hindi?
2. Paano mapapabuti ng Legal Aid Ontario ang mga serbisyo (hal. pagbabayad para sa isang abogado, pagbibigay ng legal na payo o tulong sa araw ng korte, pagbibigay ng pagpopondo para sa mga klinikang legal, atbp.) at akses sa mga serbisyong ibinibigay nito, para sa mga itinalagang komunidad na panlahi?
3. Ano ang ilan sa mga legal na problema na kayo o ang mga miyembro ng inyong komunidad ay nangangailangan ng tulong na kasalukuyang hindi ibinibigay sa mga serbisyo ng Legal Aid Ontario? (hal. mayroon bang bagay sa batas na nakakaapekto sa inyong komunidad na kasalukuyang hindi nasasaklawan ng Legal Aid Ontario?)
4. Anong mga balakid sa mga legal na tulong na serbisyo ang hinaharap ng inyong komunidad?

---

## Paano mapapabuti ng kawani ng legal aid (legal na tulong) ang kanilang kaalaman at mga kakayahan

1. Ano ang ilan sa mga bagay na maaaring gawin upang mapabuti ng kawani ng legal aid ang paraan ng kanilang pagtulong sa mga itinalagang komunidad na panlahi?
2. Anong uri ng edukasyon o mga programa ng pagsasanay ang dapat kuhanin ng kawani ng legal aid upang malaman nila ang mga isyu na hinaharap ng mga itinalagang komunidad na panlahi?
3. Ang Legal Aid Ontario ay kasalukuyang nangangailangan ng mga abogadong nagsisilbi sa mga ilang grupo ng kliyente na magkaroon ng partikular na legal na kaalaman tungkol sa mga kahinaan ng mga komunidad na iyon. Anong uri ng pagsasanay ang nararapat na ibigay at sa anong mga lugar?

---

## Pangongolekta ng datos na batay sa lahi

Ang LAO ay mangongolekta ng datang nakabatay sa lahi mula sa mga kliyente upang mas mabuting makapagplano ng aming mga serbisyo at ipalam sa pamahalaan ng Ontario ang mga isyu na nakakaapekto sa mga komunidad na panlahi.

1. Gaano kayo kakomportable na magsabi sa isang tao ng tungkol sa inyong lahi kung nag-a-apply para sa legal na tulong?
2. Ano ang maaaring gawin ng Legal Aid Ontario upang tulungan ang mga tao na maging komportable sa pagsagot ng mga tanong tungkol sa kanilang lahi?
3. Anong palagay ninyo sa pagbabahagi ng Legal Aid Ontario ng data sa lahi lamang - walang personal na impormasyon tulong sa pagkakakilanlan ng kliyente na isasama –na kinokolekta nito tungkol sa mga kliyente?
  - a. Kung sa palagay ninyo ang datos ay dapat na ibahagi, kanino ito dapat na ipamahagi? (hal. Komisyon ng mga Karapatang Pantao ng Ontario [Ontario Human Rights Commission], mga akademiko, mga abogado, atbp.)
4. Ano pang ibang mga datos sa palagay ninyo ang kailangang kolektahin (hal. edad, kasarian, atbp.), kung anuman? Bakit o bakit hindi?

---

## Legal Aid Ontario nagtatanggol sa iyo

1. Ano sa tingin ninyo ang dapat na papel ng Legal Aid Ontario pagdating sa pagrerekomenda ng mga pagbabago sa sistema ng hustisya kung saan nakakaapekto ang lahi sa paraan ng pagtatratado sa iyo?
2. Sa anong mga grupo o organisasyon mula sa inyong komunidad dapat na makipagtrabaho ang Legal Aid Ontario upang maisagawa ang ganitong mga uri ng pagbabago?
3. Ano ang maaaring gawin ng Legal Aid Ontario upang maitaguyod ang mga karapatan ng mga itinalagang komunidad na panlahi?
4. Ano pa ang dapat malaman ng Legal Aid Ontario?